





Isang pananggalang para sa mga may-ari ng negosyo o self-employed at mga independiyenteng kontratista

# Disability Insurance Elective Coverage

EDD Employment Development Department
State of California



# Isang Pinansyal na Pananggalang

Nag-aalok kami ng opsyonal na Disability Insurance Elective Coverage (DIEC) (edd.ca.gov/Payroll_Taxes/Disability_Insurance_Elective_Coverage.htm) na programa para sa mga taong hindi nagbabayad sa State Disability Insurance (SDI) ngunit gustong masakop ng Disability Insurance (DI) at Paid Family Leave (PFL). Ang sinumang tumatanggap ng malaking bahagi ng kanilang kita mula sa kanilang sariling pagtatrabaho o negosyo ay maaaring pumili na saklawin ng DIEC.


Pinoprotektahan ng DIEC ang mga nagmamay-ari ng maliliit na negosyo, mga negosyante, mga independiyenteng kontratista, o mga taong self-employed na bumubuo sa malaking bahagi ng mga kumpanyang nagnenegosyo sa California.

# Kwalipikado ba ako para sa DIEC?

Dapat mong matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan upang makasali sa DIEC:

- Magkaroon ng sariling negosyo,maging self-employed, o magtrabaho bilang isang independiyenteng kontratista.
- Mayroong pinakamababang netong kita na $4,600 taun-taon.
- May balidong lisensya, kung kakailanganin ng iyong trabaho.
- Magagawa nang full-time ang lahat ng iyong normal na tungkulin sa panahong isinumite ang iyong aplikasyon.
- Tinatanggap ang malaking bahagi ng iyong kita mula sa iyong kasanayan, negosyo, o trabaho bilang isang independiyenteng kontratista.
- Hindi maaaring maging pana-panahon ang iyong negosyo.
- Dapat kang manatili sa programa sa loob ng dalawang kumpletong taon ng kalendaryo maliban kung itinigil mo ang iyong negosyo o umalis sa California.

Bisitahin ang Eligibility Requirements for Disability Insurance Elective Coverage (edd.ca.gov/Disability/Self-Employed_Eligibility.htm) para malaman ang higit pa.




# Tinutulungan ang mga may-ari ng negosyo at iyong mga self-employed na hindi mawala sa mga sandaling mahalaga.

## Ano Ang Aking Mga Benepisyo mula sa DIEC?

- Proteksyon laban sa pagkawala ng kita dahil sa pinsala, pagbubuntis, o sakit, may kinalaman man ito sa trabaho o hindi.
- Hanggang 39 na linggo na halagang benepisyo para sa iyong sariling kapansanan.
- Awtomatikong pagsaklaw sa PFL, na nagbibigay nang hanggang walong linggo na mga benepisyo para pangalagaan ang isang miyembro ng pamilyang may malubhang karamdaman, makapag-bonding sa bagong anak, o makilahok sa isang nagkakwalipikang pangmilitar na kaganapan.

Ang halagang ibinayad sa iyo ay batay sa iyong mga sagot sa Form 1040 ng Internal Revenue Service (Schedule SE o Schedule C).

Para malaman ang higit pa, bisitahin ang Benefits and Premium Amounts (edd.ca.gov/disability/Self-Employed_Benefit_Amounts.htm).

Para sa higit na impormasyon tungkol sa DI, tumawag sa 1-800-480-3287.

Para sa impormasyon tungkol sa PFL, tumawag sa 1-877-238-4373.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong pagiging kwalipikado, tumawag sa isang Customer Service Representative ng DIEC sa 1-916-654-6288.

Kung gusto mo ng aplikasyon, maaari mong kumpletuhin at ipadala sa koreo ang kalakip na form, i-download, o i-order ito sa pamamagitan ng Forms and Publications (edd.ca.gov/forms), o tumawag sa 1-916-554-7104.



# Paid Family Leave

Tiyaking naroroon ka sa mga sandaling mahalaga.

| | |
|---|---|
| **Ingles** | 1-877-238-4373 |
| **Espanyol** | 1-877-379-3819 |
| **Cantonese** | 1-866-692-5595 |
| **Vietnamese** | 1-866-692-5596 |
| **Armenian** | 1-866-627-1567 |
| **Punjabi** | 1-866-627-1568 |
| **Tagalog** | 1-866-627-1569 |
| **TTY** | 1-800-445-1312 |

Maaari ka ring bumisita sa tanggapan ng PFL o Disability Insurance para makakuha ng mga claim form, makatanggap ng impormasyon, o makipag-usap sa isang kinatawan. Maghanap ng State Disability Insurance Office (edd.ca.gov/Disability/Contact_SDI.htm) malapit sa iyo.

Ang EDD ay isang employer/programa na nagbibigay ng patas na oportunidad. Mayroong mga pantulong na aid at serbisyo na nakalaan para sa mga indibidwal na may kapansanan kapag hiniling. Ang paghiling ng mga serbisyo, pantulong, at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879. Para sa mga user ng TTY, tumawag sa California Relay Service sa 711.

Ang pamplet na ito ay para sa pangkalahatang impormasyon lamang at walang puwersa at epekto ng batas, alituntunin, at regulasyon.